USAPANG COPD

Kilalananin ang inyong Karamdaman



Para saan ang mga baga?

- **Bawat paghinga:**
  - **Nagdadala ng OXYGEN sa ating dugo**
  - **Naglalabas ng CARBON DIOXIDE, ang lason na hanging sa ating katawan**



Paano ito nagagawa ng ating mga baga?



- Lumalaki ang dibdib kapag humihinga
- Nahihigop ang hangin na puno ng OXYGEN papasok sa ating ilong
- Papunta ang oxygen sa mga daanan ng hangin hanggang makarating sa dulo ng baga
- Dumadiretso ang hangin sa “air sacs”
- Nagpapalitan ng oxygen at carbon dioxide
- Ang oxygen papasok sa dugo upang dalhin sa iba’t ibang parte ng katawan
- Papasok ang carbon dioxide sa baga para ma-exhale

Ang normal ng baga

Ano ang COPD?

- **C –hronic - matagalan at hindi biglaang nakukuha**
- **O –bstructive – may bara o paninikip sa mga daanan ng hangin sa baga**
- **P – ulmonary – may kinalaman sa baga**
- **D – isease - Karamdaman**

Ano ang mga sakit na kasama sa COPD?

1. **Chronic bronchitis**
2. **Emphysema**

Ano nangyayari sa baga ko?





- **EMPHYSEMA**
  - **Nasisira ang mga "air sacs"**
  - **Hindi makapasok ang oxygen sa dugo**
  - **Hindi rin makalabas ang carbon dioxide**

- **CHRONIC BRONCHITIS**
  - **Sumisikip ang mga daanan ng hangin dahil sa pamamaga**
  - **Nagkakaroon din ng plema ang mga ito**

Ano ang mga sintomas ng COPD?

- **Ubo**
- **Plema**
- **Huni sa paghinga**
- **Hingal**



Saan nakukuha ang COPD?



- Paninigarilyo
- Polusyon sa hangin
- Usok o lason sa hangin galling sa pabrika at pagluluto sa kalan gamit ang kahoy o uleng
- Kaingin



Paano nalalaman ng doctor kung ikaw ay may COPD?



- **Spirometry o Pulmonary Function Test**
  - **Ito ang "Gold Standard" sa pagdiagnose ng COPD**
  - **Ginagawa ito sa laboratory na kung saan tinetest ang kapasidad ng baga sa pagbuga at paghigop ng hangin**
- **CXR**
  - **Kinukuhaan ng larawan ng loob ng iyong baga**
  - **May mga nakikita sa CXR na compatible sa isang taong may COPD**
- **ABG**
  - **Pamamaraan kung saan kukuhanan ng dugo ang isang tao na may COPD at titingnnan ang level ng carbon dioxide at oxygen**

Ano ang mga gamut sa COPD?

- **BRONCHODILATOR**
  - **Para saan ito?**
    - **Pampaluwag ng mga daanan ng hnagin sa baga upang mabawasan ang hingal**
  - **Paano ito pinapasok sa katawan?**
    - **Pills**
    - **Likido**
    - **Inhaler**

Ano ang dalawang uri ng inhaler?

- **Metered dose inhaler**
- **Dry powder inhaler**



- **Mabilis gumana ngunit panandaliang epekto lamang**
- **Mabagal gumana ngunit matagal ang epekto sa baga**

Ano ang side effects nito?

- **Nerbyos o pagbilis ng ng tibok ng puso**
- **Nahihirapang matulog**
- **Pananakit ng tiyan**

Nakakhawa ba nag COPD?



- **HINDI**
  - **Ang sakit na COPD ay hindi nakukuha sa impeksyon**
  - **Sa katunayan, mahina ang resistensya ng mga taong may COPD**

Maaari bang maapektuhan ng COPD ang Puso?

- OO
  - **Kung kulang sa oxygen sa baga, tatrabaho ng puso upang itulak ang dugo sa iba't-ibang parte ng katawan at pwedeng lumaki ang puso**
  - **Kapag matagal na ang COPD, maaring bumigay ang kanang bahagi ng puso. Dahil sa matagalk na pagkawala ng oxygen lumiliit ang daanan ng pulmonary artery at nagdudulot na tinatawag na Cor Pumonale**
  - **Ito din ang karaniwang dahilan ng pamamaga ng paa**

Kailangan ko ba ng oxygen?

- **Hindi lahat ng COPD ay nangangailangan ng oxygen**
- **Maaari lalong makasama ng oxygen sa katawan kung hindi kailangan**
- **May mga indikasyon nag doctor upang magreseta ng oxygen kung kailangan lamang**

Totoo bang nakapirmi nalang sa bahay kapag naka-oxygen?

- **HINDI**
  - **Importante sa mga COPD ang maging aktibo at magehersisyo**
  - **Hindi dahilan na naka-oxygen ay hindi na maaaring gumalaw at lumabas ng bahay**
  - **May mga maliliit na tangke ng oxygen na pwedeng magamit habang namamasyal**

Totoo bang malapit nang mamatay ang nak-oxygen?

- **HINDI**
  - **Bagamat malala na ang pagkasira ng baga, ang tamang paggamit ng oxygen ang tanging paraan upang mapahaba ng buhay ng taong may COPD**



Gagaling pa ba ako sa COPD?

- **Ang COPD ay permanenteng pagkasira ng daluyan ng hangin at baga ngunit naiiwasan at nagagamot**

- **Maaari pang mabawasan ang hingal, mapaganda ang pakiramdam at magkaroon ng maayos na buhay ang isang tao na may COPD**

Maraming
Salamat po!